

# Ginagawang mas madaling makakakuha ng legal na tulong [legal aid] sa mas maraming mga Albertan

Pebrero 14, 2024 [Mga katanungan sa media](#)

Pinapataas ng pamahalaan ng Alberta ang mga alituntunin sa pagiging karapat-dapat sa pananalapi upang mas maraming mga Albertan ang maging kwalipikado para sa legal na tulong at makakuha ng legal na suporta na kailangan nila.

Ang Legal Aid Alberta ay gumaganap ng isang mahalagang papel sa pangangasiwa ng hustisya sa pamamagitan ng pagsuporta sa ilan sa mga pinakamahirang mamamayan ng Alberta. Nagbibigay ito ng mga abot-kayang legal na serbisyo sa batas ng pamilya, mga usapin sa karahasan sa pamilya, kapakanan ng bata, imigrasyon, pati na rin ang kriminal na pagtatanggol ng kabataan at nasa hustong gulang para sa mga Albertan na may mababang kita.

Upang matiyak na mas maraming mga Albertan ang makakakuha sa mga serbisyong legal na tulong, ang pamahalaan ng Alberta ay tinataasan ang limitasyon ng kwalipikadong kita, na kilala rin bilang mga alituntunin sa pagiging karapat-dapat sa pananalapi mula sa \$24,456 (kabuuang kita) bawat taon hanggang sa \$30,000 (kabuuang kita) bawat taon. Nangangahulugan ito na ang sinumang kumikita ng hanggang \$30,000 (kabuuang kita) bawat taon ay maaaring maging karapat-dapat na makatanggap ng representasyon sa pamamagitan ng legal na tulong, sa gayon ay nagbubukas ng mga pintuan para sa higit pang mga Albertan upang makakuha ng mga serbisyong legal na tulong.

Ang mga bagong alituntunin sa pagiging karapat-dapat ay magkakabisa sa Abril 1.

"Ang legal na tulong ay tumutulong sa mga tao sa ilan sa mga pinakamahirap na panahon ng kanilang buhay. Kung ito ay isang magulang na nakikipaglaban para sa suporta sa bata

o isang nakaligtas sa karahasan sa tahanan na tumakas sa isang mapang-abusong kapareha, ang pagiging patas sa harap ng mga korte ay hindi dapat depende sa laki ng account sa bangko ng isang tao. Ang pagdadagdag ng mga alituntunin sa pagiging karapat-dapat sa pananalapi ay magbibigay-daan sa mas maraming mga Albertan na maging kwalipikado para sa legal na tulong at makakuha ng tulong na kailangan nila kapag kailangan nila ito."

*Mickey Amery, Ministro ng Katarungan at Abogado Heneral*

"Sa loob ng 50 taon, ang Legal Aid Alberta ay nakatulong sa paglutas ng mga legal na problema para sa mga Albertan. Ang pagdagdag sa pagkuha ng aming mga serbisyo ay nangangahulugan na mas maraming mga Albertan ang makakakuha ng tulong na kailangan nila upang harapin ang mga kumplikadong legal na sistema. Ito ay isang mahalagang hakbang para sa pagpapabuti na magkaroon ng katarungan para sa mga Albertan na namumuhay sa bawa't suweldo."

*Gianpaolo (John) Panusa, presidente at CEO, Legal Aid Alberta*

Ang pamahalaan ng Alberta ay nananatiling nakatuon sa pagtitiyak na ang mga Albertan ay mayroong isang epektibo at abot-kayang sistema ng hustisya at patuloy na susuportahan ang Legal Aid Alberta upang matiyak na ang mga mahahalagang serbisyong ito ay makukuha ng mga nangangailangan sa kanila.

## Mabilis na mga katotohanan

- Ang Legal Aid Alberta ay nagsilbi sa 35,449 na mga kliyente sa 2022-23.
- Ang Pamahalaan ng Alberta, ang Alberta Law Foundation at ang pederal na pamahalaan ay nagpopondo ng legal na tulong.

## Kaugnay na impormasyon

- [Legal Ad Alberta](#)
- [Law Society of Alberta](#)
- [Kasunduan sa Pamamahala](#)

## Mga kaugnay na balita

- [Pagtaas ng singil para sa mga abogado ng legal na tulong](#) (Disyembre 21, 2022)

- [Ginagawang makabago ang legal na tulong](#) (Oktubre 5, 2022)

## **Mga katanungan sa media**

### **Chinenye Anokwuru**

780-720-1915

Nakatataas na Kalihim ng Press, Katarungan